# James Cary Smith Community Grant Program ng Distrito ng Hangin ng Bay Area

## Mga Buod ng Proyekto sa Cycle 2 (Termino ng Grant: Hulyo 2025 – Hulyo 2028)

*Nakalista ang mga awardee sa pagkakasunud-sunod na ayon sa alpabeto. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa James Cary Smith Community Grant Program, bumisita sa [www.baaqmd.gov/communitygrants](www.baaqmd.gov/communitygrants).*

| Grantee | Pangalan ng Proyekto | (Mga) Lokasyon ng Proyekto | Paglalarawan sa Proyekto | Kabuuang Halaga ng Grant |
|---|---|---|---|---|
| **All Positives Possible** | Proyekto sa Pakikipag-ugnayan sa Tulong ng Air Guardians | Vallejo (County ng Solano) | Nagbibigay sa mga komunidad na nangangailangan at may mababang kita sa Sereno Village Richardson Park Neighborhood sa Vallejo ng mga instrumento, kaalaman, at kasanayan sa pamumuno na kinakailangan para matugunan ang polusyon sa hangin at ang kawalan ng katarungan sa kapaligiran sa pamamagitan ng immersive na gaming experience sa Air Guardians, mga workshop, at toxic tour. | $300,000 |
| **Breathe California ng Bay Area, Golden Gate, at Central Coast** | Bumubuo ng Kapasidad at Pagkakapantay-pantay para sa Malinis na Hangin at Malusog na Baga | San Jose, South San Francisco, at Gilroy (County ng Santa Clara at San Mateo) | Gumagamit ng Modelo ng Pagkilos sa Komunidad para ma-develop ang kapasidad ng mga bagong lider sa komunidad sa pamamagitan ng makabuluhang pakikipag-ugnayan sa mga pampublikong meeting at edukasyon sa komunidad sa county ng Santa Clara at San Mateo, nang nakatuon sa mga komunidad na nangangailangan at nangangailangan ng katarungan sa kapaligiran sa San Jose, South San Francisco, at Gilroy. | $300,000 |
| **Brightline Defense Project** | Programang Ating Komunidad, Ating Hangin | Eastern San Francisco | Ino-organize, sinasanay, at binubuo ang kapasidad ng mga tenant na lider ng mga Single-Room Occupancy, lider ng komunidad na nagsasalita ng Spanish, at kabataang lider para matasa ang mga lokal na pangangailangan at makapagsagawa ng mga workshop sa kalidad ng hangin para sa mga miyembro ng komunidad sa mga lugar sa Eastern San | $300,000 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Francisco, at magawang makabuluhang makibahagi sa mga proseso ng pampublikong pagpapasya. | |
| **California Interfaith Power & Light** | Ayon sa Pananampalataya: Pagbuo ng Mga Matatag na Komunidad para sa Malinis na Hangin at Aksyon sa Klima | County ng Alameda, County ng San Mateo, at/o County ng Santa Clara | Bumubuo ng kapasidad sa mga grupo ng pananampalataya para matugunan ang polusyon sa hangin at ang mga epekto nito; nakikipagtulungan sa mga kongregasyon para matugunan ang polusyon sa hangin, nang nakatuon sa mga komunidad na nangangailangan sa County ng Alameda, County ng San Mateo, at/o County ng Santa Clara. | $300,000 |
| **Citizen Air Monitoring Network** | Programa ng Ambassador para sa Malinis na Hangin para sa Mga Komunidad sa Carquinez Strait | Vallejo, Crockett, at Rodeo (County ng Solano at Contra Costa) | Pinapalawak ang Programa ng Ambassador para sa Malinis na Hangin, na nasimulan na sa Vallejo, para sanayin ang mga miyembro ng komunidad sa Crockett at Rodeo sa kalidad ng hangin at makibahagi sa mga lokal na proyektong nauugnay sa kalidad ng hangin. Ang programa ay may kasamang limang buwang curriculum sa pamumuno at apat na buwang phase ng proyekto sa komunidad. | $300,000 |
| **Climate Action Pathways for Schools** | Nagbibigay-daan sa Mga Pathway ng Aksyon sa Klima na Pinangungunahan ng Mag-aaral sa Mga Paaralan ng Morgan Hill at Nagsusulong ng Tunay na Pakikibahagi sa Mga Komunidad ng Lungsod na Nangangailangan ng Katarungan sa Kapaligiran | Morgan Hill (County ng Santa Clara) | Pinapalawak ang pakikipagtulungan nito sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Morgan Hill para saklawin ang katarungan sa kapaligiran at pagpaplano ng lungsod para mabuo, kasama ang Lungsod ng Morgan Hill, ang kauna-unahang Elemento ng Katarungan sa Kapaligiran ng Lungsod. Ang proyekto ay magha-hire at magsasanay ng mga mag-aaral na intern sa high school para mag-develop ng mga proyekto sa sustainability at decarbonization sa kani-kanilang paraan, at makibahagi sa proseso ng katarungan sa kapaligiran at pagpaplano ng Lungsod. | $293,560 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **El Concilio of San Mateo County** | Climate Ready Ambassadors: Construyendo promotores del medio ambiente en San Mateo County (Building environmental promotores in San Mateo County) | North Fair Oaks/ Lungsod ng Redwood, North Central San Mateo, at Hilagang County (County ng San Mateo) | Pinapalaki ang kapasidad sa pag-oorganisa para sa klima at katarungan sa kapaligiran para sa mga Latino na nagsasalita ng Spanish sa mga komunidad na nangangailangan ng katarungan sa kapaligiran sa County ng San Mateo sa pamamagitan ng isang Climate Ambassadors promotores training program. Ang unang pagtutuunan ng proyekto ay ang North Fair Oaks, Lungsod ng Redwood, at ang North Central na komunidad ng Lungsod ng San Mateo, na susundan ng expansion sa County ng Hilagang San Mateo kasama ang South San Francisco at San Bruno. | $294,527 |
| **La Clínica de La Raza** | Proyekto ng Mga Tagapagsulong ng Kalidad ng Hangin sa Komunidad (Air Quality Community Advocates, AQCA) | Pittsburg/Bay Point, Vallejo (County ng Contra Costa at Solano) | Nagpapatupad ng Modelo ng Aksyon sa Komunidad na pinangungunahan ng Promotor@s na nagsasalita ng Spanish sa Pittsburg/Bay Point at Vallejo para mapalawak ang kamalayan ng publiko sa mga isyu sa kalidad ng hangin at sa mga epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin, isulong ang kanilang mga komunidad, at pabutihin ang mga kahihinatnan sa kalusugan. | $300,000 |
| **Multicultural Center of Marin** | Bumubuo ng Pamumuno sa Komunidad | Komunidad sa Canal ng San Rafael (County ng Marin) | Bumubuo ng pamumuno sa komunidad at kapangyarihang magsulong ng katarungan sa klima at katatagan ng komunidad sa Canal neighborhood ng San Rafael sa pamamagitan ng mga buwanang pagsasanay sa pamumuno para sa mga miyembro ng komunidad na nagsasalita ng Spanish para magawang collaborative na gumawa at magpatupad ng curriculum na nakatuon sa katarungan sa kapaligiran at mga kasanayan sa pagsusulong. | $299,346 |
| **PODER (Fiscal sponsor: Tides Center)** | Bicis del Pueblo/Bikes for the People - Naghahasa ng Mga Kasanayan, Nagsusulong ng Katarungan sa Kapaligiran | Komunidad ng Mission at Outer Mission/ Excelsior (San Francisco) | Sumusuporta ng kabataan at mga pamilyang may mababang kita sa komunidad ng Mission at Outer Mission/Excelsior sa San Francisco para ma-incorporate ang paggamit ng bisikleta, nagbibigay ng edukasyon sa komunidad tungkol sa mga benepisyo sa kalusugan at kapaligiran ng pagbibisikleta at mga epekto ng pagbabago ng klima, at sumusuporta ng mga miyembro ng komunidad para masubaybayan ang patas na pagpapatupad ng *Plano sa Pagbibisikleta at Rolling: Mga Aktibong Komunidad* ng Metropolitan Transportation Agency ng San Francisco. | $300,000 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **San Francisco Bay Physicians for Social Responsibility** | Bumubuo ng Kapasidad para Masiguro ang Pagkakapantay-pantay at Katarungan sa Electrification ng Tinitirhan | San Francisco | Nagbibigay-daan sa walong organisasyon sa komunidad na tumukoy at bumuo ng koalisyon ng mga residente mula sa mga komunidad sa San Francisco na nangangailangan ng katarungan sa kapaligiran sa pamamagitan ng Programa ng Ambassador para sa Electrification ng Gusali para makagawa at makapagpakalat ng mga materyal na pangkaalaman na nauugnay sa kultura kaugnay ng electrification, mapalawak ang outreach at edukasyon, at maisulong ang kanilang mga komunidad. | $300,000 |
| **Urban Habitat** | Binubuo ang kapasidad ng mga miyembro ng Rising Juntos para magawa nilang makibahagi sa mga proseso sa klima at kalidad ng hangin | Pittsburg/Bay Point (County ng Contra Costa) | Nakikipagtulungan sa Rising Juntos para madagdagan ang kapasidad ng kanilang mga miyembro sa County ng East Contra Costa para mapaganda ang kalidad ng hangin at mapabuti ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng mga workshop sa komunidad na nasa Ingles at Spanish. | $200,000 |